

Gyro

MAG-KAISA FUKUSHIMA

Pang-anim na edisyon(2012-1-18)

Petsa ng Paglabas) Enero 18, 2012

(Ito ay inilathala isang beses sa isang buwan at makikita sa Website)

Manigong Bagong Taon! Ngayong taong 2012 ang lalawigan ng Fukushima ay magpapatuloy ng pagbabago tulad noong isang taon. Tingnan po natin ang mga pangyayari sa lalawigan ng Fukushima. Maari ninyo rin pong i-download ang pahayag na liham na ito sa salitang English, Intsik, Koreyano, Tagalog, Purtugis, at Pranses sa aming website. **【Ang pahayag na liham na ito ay inihahatid ng CLAIR】**



Senaryo sa Fukushima



Lake Inawashiro (12.29.2011, Siyudad ng Koriyama)

Napalamutian na ng snow ang bundok ng Bandai at ang mga ski resorts ay bukas na sa mga nais mag-ski at snowboard. Parang hindi nagbago ang pangitaing ito na para bang nakapag-pagaan sa aking loob.



Hatsumode (Pagbisita sa mga Shrine) (1.1.2012, Lungsod ng Fukushima)

Ang mga mamayan ay nagtitipon tipon sa Shrine ng Inari sa unang araw ng taon 2012. Sa araw na ito ay animong piyesta na may mga ibat-ibang klaseng tindahan. May mga tindahan na may kakaibang produkto tulad ng "AMAZAKE" (manamis namis na alak ng hapon) at taiyaki (na hugis ng isda na cake na may red bean paste). At sa mga bangketa makikita ang ibat-ibang lucky charms tulad ng manika ng Daruma (isang ornamentong hugis itlog na may mukha ng tao) at naniniwala ang mga tao na may dalang suwerte ito.



Coming of Age Ceremony (1.8.2012 Lungsod ng Fukushima)

Ang selebrasyong ito na ginaganap sa Fukushima Kokutai Memorial Gymnasuim na may higit na 2,300 kabataan na may taong 20. Ang mga kababaihan na naghihintay sa laabas na suot ang Furisode (isang tradisyonal na kimono ng hindi pa kinakasal na babae) at ang mga lalake ay nakasuot ng ternong suits. Karamihan ng mga dumadalo sa selebrasyong ito ay ang mga kaibigang matagal na hindi nakikita at makikita mo sa kanilang mga larawan ang saya sa kanilang mga mukha.



Tinig mula sa Fukushima

Hasegawa Isako (babae, lungsod ng Koriyama)

Ako ay nasa Paraguay ng magkaroon ng lindol. Nang Makita ko sa T.V. ang pangyayari nasabi ko sa aking sarili na isang kakilakilabot na pangyayari ito at akala ko hindi na makakaligtas ang Fukushima. Agosto ng kami ng asawa ko ay bumalik sa Koriyama at laking gulat ko na hindi gaano naapektuhan ang aming bahay. Ngunit masyado akong namamangha sa usapin ukol sa radiation. Sinunod ko ang payo upang hindi makontamina ng radiation at nilinis ang aming hardin at panglabas na dingding ng aking bahay. Marami pa rin akong natatanggap na mail ng aking mga kaibigan na nag-aalala at tinatanong kung ano ng sitwasyon sa Fukushima, Kahit na may nag-aaway na lahi sa lahi ng dahil sa giyera, naniniwala pa rin ako na may natural na kabaitan ang mga tao. Ang mensahe na nais kong iparating sa mga nasa ibang bansa at di naninirahan dito sa lalawigan ng Fukushima ay nanumbalik na sa dati at maligaya akong kasama ang aking Pamilya.

Sasaki Kazuhiko (lalake, lungsod ng Sukagawa)

Ang populasyon ng Sukagawa ay may 80,000 mamayan. Ngunit ng aking ikumpara sa populasyon noong 2012 at 2011, napag-alaman ko na may pagbaba ng higit kumulang sa 2,000 mamayan. Naniniwala ako na ito ay dahilan ng radiation. Pagkatapos ng lindol, naramdaman ko na lumipat ng ibang lalawigan ang pamilyang may bata. Bilang isang boluntaryong guro, ako ay nagtuturo ng Japanese sa mga dayuhang estudyante, ngunit, paagkaraan ng lindol isa sa aking estudyanteng mula sa Kazakhstan ay lumipat ng Tokyo kasama ng kanyang pamilya. Sa aking edad sa ngayon ako ay hindi nababahala sa nangyayari sa kasalukuyan. Subalit para sa mga pamilya na may maliliit pang mga anak, na higit ang pag-aalala, ay kanilang iniwasan bumili ng produkto ng Fukushima. Naniniwala ako upang bumalik ang sigla ng Fukushima ay mag-imbiba ng iba't-ibang dayuhan upang matunghayan nila ang sitwasyon dito.

Lopez Ken (mula sa Pilipinas, lalake, lungsod ng Fukushima)

Ako ay naninirahan dito kasama ang aking asawa at 3 anak. Pagkalipas ng lindol, ang serbisyo ng tubig at gaas ay tumigil. Kami ay natakot sa balitang pagsabog ng planta ng nukleyar, kaya naisip naming lumikas sa Tokyo noong Marso 16. At umuwi ng Pilipinas pagkatapos ng konting panahong pagtigil sa Tokyo. At sa kadahilanang kailangan ng bumalik ng Japan dahil sa aking trabaho, napagpasiyahan naming mag-asawa lang ang bumalik ng Fukushima at iwan ang aming mga anak sa aking mga magulang noong Mayo. Kahit na sa Skype lang kami nag-kakausap ng aking mga anak, ang katotohanang hindi naming sila makausap ng personal, ay nakakalungkot sa aming parte. Nais kong ibalik ang aming mga anak, sa Marso sa kadahilanang pag-ayos ng kanilang bisa ay nag-aalala ako sa radiation. Makakalabas ba ng bahay ang aming mga anak upang maglaro? , marami ba silang pagkain na dapat iwasan? Hangang kailan sila makakatagal sa ganitong kapaligiran? Ako ay naguguluhan ngunit, walang magagawa sa aking pag-aalala.

Suh Kyungmi (mula Amerika, babae, lungsod ng Iwaki)

Ang aming tirahan ay nasira ng lindol kaya pagkatila ng lindol ay lumikas agad kami sa shelter kasama ang aking anak na lalake at pagkatapos ay sa tirahan ng aking kaibigan. Sa kadahilanang, nagtatrabaho sa Amerika ang aking asawa ng panahon iyon, hindi agad kami nagsama- samang pamilya hanggang Marso 18. At kahit nakakita kami ng bagong lugar natitirahan nahihirapan kaming masanay sa bagong kapaligiran. Ang aming pamilya ay nagpaplanong lumipat sa siyudad ng Kagoshima sa darating na Summer dahil doon siya malilipat ng trabaho. Nakalipas na ang 10 buwan mula ng kalamidad at wala akong naririnig na balita kungdi pagbabago, radiation, at dekontaminado. Noong una ako ay masyadong nagpanic kaya wala akong oras isipin ang ibang bagay. Ngunit sa totoo lang nakaka pagod ng pakinggan ang agnitong paulit ulit na istorya araw-araw. Ang kailangan ko ngayon ay humanap ng paraan upang mahilom ang aking puso at isipan.

Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>